Para más detalles en español, llame al (626) 543-2640 para el área de servicio de San Jose Hills, o al (562) 944-8219 para el área de servicio de Whittier/La Mirada. Para obtener una copia de este aviso en español visite nuestro sitio web en www.swwc.com/suburban/announcements/

有關中文的更多詳情，請致電 (626) 543-2640到San Jose Hills服務區，或致電 (562) 944-8291到Whittier / La Mirada服務區。有關本通知的中文版，請訪問我們的網站：www.swwc.com/suburban/announcements/

한국어로 자세한 정보를 원하시면 San Jose Hills 서비스 지역은 (626) 543-2640으로 전화하거나 Whittier / La Mirada 서비스 지역은 (562) 944-8219로 전화하십시오. 한국어로 된이 통지서 사본은 웹 사이트 www.swwc.com/suburban/announcements/

Để biết thêm thông tin bằng tiếng Việt, hãy gọi khu vực dịch vụ San Jose Hills theo số (626) 543-2640 hoặc khu vực dịch vụ Whittier / La Mirada theo số (562) 944-8219. Để có một bản sao của thông báo này bằng tiếng Việt, vui lòng truy cập www.swwc.com/suburban/announcements/

Para sa karagdagang impormasyon sa Tagalog, tawagan ang lugar ng serbisyo ng San Jose Hills sa (626) 543-2640 o lugar ng serbisyo ng Whittier / La Mirada sa (562) 944-8219. Para sa isang kopya ng paunawa na ito sa tagalog, mangyaring bisitahin ang www.swwc.com/suburban/announcements/

# ABISO NG MGA FORUM SA PUBLIKO (PAKIKILAHOK NG PUBLIKO NA MGA PAGDINIG) PARA SA SUBURBAN WATER SYSTEMS' 2023 KASO SA PANGKALAHATANG RATE (GENERAL RATE CASE) A.23-01-001

Gustong makinig mula sa iyo ang Suburban Water Systems (SWS) at ang California Public Utilities Commission (CPUC). Inimbitahan kang lumahok sa isang forum sa publiko, na kilala rin bilang Pakikilahok ng Publiko na Pagdinig (Public Participation Hearing, PPH), ukol sa aplikasyon ng SWS na taasan ang mga rate sa tubig. Sa forum sa publiko, makakagawa ka ng mga komento at magsabi ng mga alalahanin sa Hukom ng Administratibong Batas (Administrative Law Judge, Judge) na siyang sumusubaybay sa kahilingang pagtaas ng rate na ito.

**Paano isasagawa ang mga forum sa publiko?** Maaaring mapanood online ang mga forum sa publiko, o pakinggan sa telepono, kasama ng impormasyon sa ibaba. Kung gusto mong gumawa ng komento sa publiko, mangyaring sumali sa pamamagitan ng telepono gamit ang numero ng telepono at passcode sa ibaba.

| Petsa | Oras | Mga detalye |
|---|---|---|
| Agosto 28, 2023 | 2:00 p.m. PT | Numero ng Telepono: **1-800-857-1917**<br>Passcode: **6032788#**<br>Para Magsalita: ***1**<br>Webcast: **www.adminmonitor.com/ca/cpuc** |
| | 6:00 p.m. PT | Numero ng Telepono: **1-800-857-1917**<br>Passcode: **6032788#**<br>Para Magsalita: ***1**<br>Webcast: **www.adminmonitor.com/ca/cpuc** |
| **Mangyaring Tandaan:** Kung kailangan mo ng tagapagsalin ng wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Tagapayo sa Publiko ng CPUC gamit ang impormasyon ng pakikipag-ugnayan sa bandang huli ng abiso na ito nang hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang forum sa publiko. | | |

Maaari ding ibigay anumang oras ang nakasulat na mga komento ng publiko sa panahon ng paglilitis gamit ang "Magdagdag ng Komento ng Publiko" na pindutan sa Docket Card para sa A.23-01-001, available sa **apps.cpuc.ca.gov/c/A2301001**.

**Bakit ko natatanggap ang abiso na ito?** Noong Enero 3, 2023, nag-file ang SWS ng aplikasyon sa General Rate Case (GRC) (A.23-01-001) kasama ang CPUC na humihiling na taasan ang mga rate para sa 2024, 2025, at 2026.

Magsisimula sa Enero 1, 2024 ang iminungkahing pagtaas ng rate. Humihiling ang SWS ng pagtaas na $19,763,961 (o 19.79%) sa 2024, karagdagang $6,392,906 (o 5.49%) sa 2025, at karagdagang $6,387,993 (o 5.20%) sa 2026, para sa kabuuang $32,544,860 (o 32.59%) para sa lahat g tatlong taon na pinagsama-sama.

Nakabalangkas sa tsart sa ibaba ang iminungkahing pagtaas ng kita ayon sa customer class.

Iminumungkahing mga Pagtaas (Libong Dolyar)

| Customer Class | Kasalukuyang Kita | Pagtaas sa 2024 | | Pagtaas sa 2025 | | Pagtaas sa 2026 | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | $ | $ | % | $ | % | $ | % |
| Residensyal | 70493.6 | 13781.1 | 19.55 | 4283.2 | 5.28 | 4442.5 | 5.20 |
| Negosyo | 20283.1 | 4124.2 | 20.33 | 1425.7 | 5.87 | 1338.2 | 5.20 |
| Industriyal | 1867.3 | 386.4 | 20.69 | 164.3 | 7.29 | 125.7 | 5.20 |
| Mga Awtoridad ng Publiko | 3723.9 | 782.7 | 21.02 | 257.6 | 5.72 | 247.7 | 5.20 |
| Iba Pang mga Utility ng Tubig para sa Pag-resale | 49.1 | 10.0 | 20.27 | 2.2 | 3.68 | 3.2 | 5.20 |
| Serbisyo sa Tubig ng Konstruksyon | 186.6 | 34.5 | 18.50 | 9.7 | 4.16 | 12.7 | 5.20 |
| Pribadong Serbisyo ng Proteksyon sa Sunog | 1822.7 | 360.7 | 19.79 | 120.4 | 5.45 | 121.2 | 5.20 |
| Serbisyong Fire Hydrant sa Pribadong Ari-arian | 223.1 | 44.1 | 19.79 | 14.7 | 5.45 | 14.8 | 5.20 |
| Na-recycle na Tubig | 1223.7 | 240.1 | 19.62 | 115.1 | 7.86 | 82.1 | 5.20 |
| KABUUAN | 99873.2 | 19764.0 | 19.79 | 6392.9 | 5.49 | 6388.1 | 5.20 |

Ang mga rate at porsiyento na ipinapakita sa itaas ay mga average at hindi mga eksaktong pagbabago na maaaring makita mo sa iyong bill. Nakadepende ang mga pagbabago sa indibidwal na mga bill sa dami ng ginagamit na tubig ng bawat kostumer.

**Bakit hinihiling ng SWS ang pagtaas sa rate na ito?**

Kinakailangan ng CPUC ang SWS na mag-file ng aplikasyon sa GRC bawat tatlong taon. Ang layunin ng GRC na ito ay para mabawi ang inaasahan nitong mga gastos mula sa Enero 2024 hanggang Disyembre 2026. Iniisip ng SWS na kailangan nitong taasan ang mga rate sa panahon na ito bilang resulta ng (1) pagbaba sa mga benta ng tubig sa bawat kostumer mula sa patuloy na konserbasyon, at (2) tataas sa gastos ng produksyon, kabilang ang pagbili ng tubig at enerhiya.

**Paano nito maaapektuhan ang aking bill sa tubig?**

Kung aprubahan ng CPUC ang kahilingan ng SWS na pagtaas ng rate gaya ng iminungkahi, ang mga epekto sa katampatan na buwanang bill ng kostumer sa residensyal gamit ang 14 ccf (1 ccf = 100 cubic feet o 780 galon ng tubig) bawat buwan para sa ¾ inch meter, **hindi kasama ang anumang nalalapat na mga surcharge maliban sa reimbursement fee ng CPUC**, ay magiging katulad ng sumusunod:

| Service Area 1 ng San Jose Hills | 2024 | 2025 | 2026 |
|---|---|---|---|
| Kasalukuyang Halaga | $80.17 | $94.99 | $101.21 |
| Halaga ng Pagtaas | $14.82 | $6.22 | $5.25 |
| Bagong Bill | $94.99 | $101.21 | $106.46 |
| Porsiyento ng Pagtaas | 18.5% | 6.5% | 5.2% |
| **Service Area 2 ng Whittier/La Mirada** | | | |
| Kasalukuyang Halaga | $75.27 | $91.30 | $94.93 |
| Halaga ng Pagtaas | $16.03 | $3.63 | $4.93 |
| Bagong Bill | $91.30 | $94.93 | $99.86 |
| Porsiyento ng Pagtaas | 21.3% | 4.0% | 5.2% |

Para sa mga kwalipikadong mga residensyal na kostumer na naka-enroll sa programang tulong sa singil sa mababang-kita ng SWS, ang karaniwang kostumer na may ¾ pulgadang metro na gamit ang 14 ccf bawat buwan ay magiging tulad ng mga sumusunod:

| Service Area 1 ng San Jose Hills | 2024 | 2025 | 2026 |
|---|---|---|---|
| Kasalukuyang Halaga | $71.34 | $84.42 | $90.05 |
| Halaga ng Pagtaas | $13.08 | $5.63 | $4.67 |
| Bagong Bill | $84.42 | $90.05 | $94.72 |
| Porsiyento ng Pagtaas | 18.3% | 6.7% | 5.2% |

| Service Area 2 ng Whittier/La Mirada | 2024 | 2025 | 2026 |
|---|---|---|---|
| Kasalukuyang Halaga | $66.44 | $80.72 | $83.77 |
| Halaga ng Pagtaas | $14.28 | $3.05 | $4.34 |
| Bagong Bill | $80.72 | $83.77 | $88.11 |
| Porsiyento ng Pagtaas | 21.5% | 3.8% | 5.2% |

**Paano gumagana ang iba pa sa prosesong ito?**
Itatalaga ang aplikasyong ito sa Hukom ng Administratibong Batas (Administrative Law Judge) ng CPUC na magsasaalang-alang ng mga panukala at katibayang ipinakita sa panahon ng proseso ng formal na pagdinig. Maglalabas ng mungkahing pagpapasya ang Hukom ng Administratibong Batas (Administrative Law Judge) na maaaring humalaw sa aplikasyon ng SWS, baguhin ito, o tanggihan ito. Maaaring mag-isponsor ang anumang Komisyuner ng CPUC ng isang kahalili na pagpapasya na may ibang kalalabasan. Ang mungkahi na papapasya, at anumang kahalili na mga pagpapasya, ay tatalakayin at pagbobotohan ng mga Komisyuner ng CPUC sa isang publiko na Pagpupulong sa Pagboto ng CPUC.

Susuriin ng mga partido sa paglilitis ang aplikasyon ng SWS, kasama ang Tanggapan ng mga Tagataguyod ng Publiko (Public Advocates Office), na isang malaya na tagataguyod ng mamimili sa loob ng CPUC na kumakatawan sa mga kostumer na makuha ang pinakamababang posible na singil para sa serbisyo na pinapanatili sa maaasahan at ligtas na mga antas ng serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang **1-415-703-1584**, email PublicAdvocatesOffice@cpuc.ca.gov, o bisitahin ang **PublicAdvocates.cpuc.ca.gov**.

Makakatulong ang iyong pakikilahok sa pamamagitan ng pagbibigay ng iyong mga opinyon sa kahilingan ng SWS sa CPUC na gumawa ng isang may impormasyon na pagpapasya. Mangyaring bumisita sa **apps.cpuc.ca.gov/c/A2301001** para magsumite ng komento tungkol sa paglilitis na ito sa CPUC Docket Card. Makikita mo rin dito ang mga dokumento at iba pang mga komento ng publiko na nauugnay sa paglilitis na ito.

**Saan ako makakakuha ng higit na impormasyon?**
**Makipag-ugnayan sa SWS**

Website: **www.swwc.com/suburban**
Telepono: **1-626-543-2502**
Email: Service Area ng San Jose Hills sanjosehills@swwc.com
Service Area ng Whittier/La Mirada: whittierlamirada@swwc.com

Maaari ding suriin ang kopya ng aplikasyon at anumang nauugnay na mga dokumento sa **www.swwc.com/suburban/general-rate-case/**

**Makipag-ugnayan sa CPUC**
Kung may mga tanong ka tungkol sa mga proseso ng CPUC, maaari kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Tagapayo sa Publiko (Public Advisor’s Office) ng CPUC sa:

Telepono: **1-866-849-8390** (libre) o **1-415-703-2074**
Email: Public.Advisor@cpuc.ca.gov
Sulat: CPUC Public Advisor’s Office
505 Van Ness Avenue
San Francisco, CA 94102

Mangyaring i-reference ang **Application 23-01-001** sa anumang komunkasyon na mayroon ka sa CPUC ukol sa bagay na ito.